

One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

SA PAGKAKATAONG MAGKASUNOG

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～火災が発生したら…～

Hindi natin masasabi kung gaano katagal ang pagyanig ng lindol. Matapos ang pagyanig, mahalaga ang pag-iingat o pagiging aware sa sunog upang maiwasang dumami ang mga maaaring masugatan o maging biktima nito.

Ang pinakamahalagang pamamaraan upang makaiwas sa sunog ay ang pagiging handa ng bawat isa. Hindi natin masasabing 100% na maiwasan ang sunog, subalit maaari nating maiwasang dumami ang magiging biktima ng sunog. Kailangang madiskubre agad natin ang maaring panggagalingan ng sunog at alamin natin ang tamang paggamit ng fire extinguisher o SHOUKAKI.

Pamamaraan ng paggamit ng fire extinguisher:

1. Kailangang ipaalam at isigaw natin agad sa lahat ang “Kaji da!” o “May sunog!”. Kailangang alamin din natin ang route o daan sa paglikas kung malaki na ang sunog.
2. Hilahin ang safety pin ng fire extinguisher.
3. I-shake ng konte ang fire extinguisher, itapat ang nozzle nito sa apoy at itodo ang lakas ng lever. Kailangang may distansya na 4-5 metro ang layo natin sa nasusunog.
4. Itulad natin na parang pagwawalis ang paggalaw sa nozzle ng fire extinguisher habang pinapatay ang apoy. Ang fire extinguisher ay may radiation na 11-16 minutos.

Pamamaraan sa pagpatay ng sunog:

May iba't-ibang uri ang pinagmumulan ng apoy kaya't kailangang maging maingat din sa pagpatay ng apoy... kung hindi ay may posibilidad na mas lumaki pa ang apoy.

1. Kurtina o kumot, fusuma(sliding door) — tulad ng kurtina, bago umabot sa kisame ang apoy ay hilahin at ilayo agad ito sa apoy. Matapos mapatay ang apoy ay ilagay ito sa loob ng bathtub.
2. Pagpi-prito ng tempura at iba pa— kung lumiyab ang kawali, tanggalin ang hangin sa pamamagitan ng cover ng kaldero o wet sheets. Tiyak na magliliyab ang kumukulong mantika kung matutulan ito ng tubig o lalagyan ng kung ano mang fresh vegetables.
3. Nag-short na gamit sa elektrisidad— may posibilidad na magkaroong ng electric shock, kaya't huwag gumamit o humawak ng tubig. Tanggalin ang concept, patayin ang breaker at gumamit ng fire extinguisher.
4. Kung umapoy ang suot na damit— *Kung may futon (bedding) o kumot, magpaikot-ikot kayo sa loob nito upang mamatay ang apoy. May posibilidad na lumipat din ang apoy sa futon o kumot, kaya't mag-ingat din tayo.
*Maaari ring iikot ang inyong katawan sa ground o sahig para patayin ang apoy sa inyong nasusunog na damit. Ikuskos maigi ang parteng nasusunog sa ground.